

1

“Colin, tumingin ka naman dito!”

“Oh my gosh, *gurl!* Sinulyapan niya ako! Nakita mo iyon?”

Inilabas ni Alexis ang cellphone niya at nagsimulang tumipa. Kanina pa siya naghihintay sa kaibigan niyang si Kate. Ito ang nagyaya sa kanyang manood ng practice ng basketball. Kahit marami siyang gagawin ay pinagbigyan niya pa rin ito. Minsan lang din kasing magyaya ang kaibigan at isa pa ay nagi-guilty siya rito. Hindi na niya kasi ito nasasamahan sa mga lakad nito dahil abala siya sa pag-aaral para sa midterm exams nila next week.

Kate, nasaan ka na ba? Nagsimula na iyong practice, eh.

Pagkatapos niyang i-send ang mensahe ay itinago na niya ulit ang cellphone sa bag. Lumington siya sa paligid at hinanap ng kayang mga mata ang lalaking kanina pa tinitilian sa loob ng gym—si Colin Andrada. Ito ang campus heartthrob, ang captain ng basketball team. Nadama niya ang kakaibang kislote sa dibdib nang dumapo ang kanyang tingin dito.

Alam niya kung bakit sikat ito sa school nila. Si Colin iyong tipo ng lalaki na mapapatingin ka kapag dumaan sa harap mo. Girls seemed to think that he's the hottest man on campus with a face to die for. Balita na may kumukuha ritong magmodelo pero parang walang plano ang binata sa direksyong iyon. Sa tangkad nitong 6'2 ay totoong may talent ito sa larangan ng basketball.

He also possessed this air of confidence that could make a lesser being feel intimidated. His obsidian eyes could probably pierce through one's soul when he stared.

At parang naramdaman na may tumititig dito, lumingon ang binata sa direksyon niya. Their eyes met and the strange sensation that she felt a while ago intensified. Agad siyang umiwas ng tingin, ramdam na ramdam ang pag- init ng mukha.

Nakakahiya! Ano na lang iisipin niya?Bakit ba—

“Alexis!”

Lumipad ang pag-aalala niya nang marinig ang boses ni Kate. Lihim siyang nagpasalamat sa distraction na hatid nito. “Kanina pa kita hinihintay. Saan ka ba galing?”

“Eh, sorry Lex, ha. May urgent meeting sa

club, eh. Alam mo namang officer ako kaya di ako puwedeng umabsent.”

“Okay lang, ano ka ba? Umupo ka na dito. Ang tagal mo kasi, eh. Di mo tuloy nakita ang three-point shot ni Robert kanina.” Binigyan siya ni Kate ng isang makahulugang ngiti.

Matagal nang gusto ni Kate si Robert, isa sa mga barkada ni Colin. Kaya nga tuwing may practice ay hindi puwedeng wala ang dalaga. Hindi rin naman imposibleng magustuhan ni Robert si Kate. Maganda ang kaibigan niya at sikat din sa campus.

Hindi katulad ko... Napabuntong-hininga na lang siya at hinanap ulit si Colin. May isang napakagandang babaeng lumapit at humalik sa pisngi nito. Si Cathy, ang beauty queen na nobya nito. The perfect couple, 'ika nga.

Ano naman ang laban niya? Isa pa, hindi pa siya baliw para ipagsiksikan ang sarili niya kay Colin. Gusto niya ang tahimik na buhay niya sa school at hindi siya gagawa ng anumang bagay na makakasira niyon.

Alas cinco na ng hapon nang matapos ang basketball practice. Nauna nang umalis si Kate dahil may dadaanan pa raw ito. Dumaan siya sa likod ng

gym sa halip na sa karaniwang nilalabasan dahil napakaraming tao at ayaw niyang makipagsiksikan. Habang naglalakad ay nire-recite niya sa isip ang mga ni-review para sa midterms nila. “Anong ginagawa mo dito?”

Nag-hang ang utak niya dahil sa baritonong tinig na iyon. Pagtunghay ni Alexis ay ang malapad na dibdib ng isang lalaki ang nasa tapat niya. Bumilis ang pintig ng puso niya. Kahit hindi niya pa nakikita ang mukha ng kaharap ay alam niya na kung sino ito. Ang boses at amoy pa lang nito ay sapat na para patalunin ang paghinga niya.

Nag-angat siya ng tingin. Nang masalubong ang mga mata nito ay nawalan yata siya ng dila. Ngayon lang niya natitigan nang ganito kalapit ang binata. “Ah, C-Colin,” bulong niya. “Nanood ako ng p-practice n’yo.”

“Hindi iyon ang ibig kong sabihin. Bakit dito ka dumadaan ?” Kumunot ang noo nito at pilit siyang sinuri. “Tell me, may binabalak ka ba?”

Hindi niya napigilan ang kurot sa puso niya sa narinig. Bakit siya pagdududahan nito? Alam niyang suplado ito, pero hindi niya alam na masama pala ang ugali nito at mapaghinala sa kapwa.

Agad napalitan ng galit ang nadarama niyang kaba at tinignan niya ito nang derecho. “You don’t have the right to accost me! Hindi mo pag-aari ang daan.” Pagkasabi niyon ay nilampasan niya ito at mabilis na umalis sa lugar na iyon.

Kung nakamamatay lang ang irap, bibigyan niya ng isa ang mayabang na iyon. Di niya akalain na napakaantipatiko pala ng lalaking iyon. Nasayang lang ang panahong ginugol niya sa paghanga rito.

He’s not worth it.

“Ma, nandito na po ako.” Tumuloy si Alexis sa kuwarto ng kanyang ina pagkapasok pa lamang sa bahay.

Naratay na sa higaan ang kanyang ina noong nasa high school pa lamang siya. Maaga ring nawala ang kanyang ama kaya ang Kuya Evan na lang niya ang bumubuhay sa kanila simula nang magkasakit ang kanyang mama.

“O, Alex, ikaw na pala iyan. Pakikuha mo nga ako ng tubig, hija.”

“Saglit lang, Ma.” Pumunta siya sa kusina at kumuha ng isang basong tubig. “Nasaan po ba si

Auntie Tasha?” tanong niya pagbalik.

Si Tasha ay malayong kamag-anak ng mama nila na kasama nila sa bahay. Ito ang nag-aalaga sa mama niya kapag nasa school siya at nasa trabaho naman ang kanyang kuya. Dati itong caregiver sa Israel, pero nang mabalitaan na magkasakit ang mama nila ay umuwi ito at sinabing aalagaan ang pinsan. Ang mama raw kasi niya ang tumulong dito para makapag-abroad at nagpaaral sa mga kapatid nito noong hindi pa nito kayang suportahan ang pamilya. Hindi na nag-asawa ang may cincuenta años nang babae, pero may isa itong anak na nagtatrabaho bilang nurse sa Dubai. Malaki ang pasasalamat nilang magkapatid dito.

“May binili lang saglit sa palengke. Baka pabalik na rin iyon.”

“Si Kuya po ba?”

“Naku baka gabihin iyon dahil may project daw silang kailangang tapusin.”

Civil Engineer ang Kuya Evan niya. May educational plan naman siya hanggang college, pero masasabing ito ang breadwinner nila. Kaya nga gusto na niyang makatapos para matulungan ito sa paghahanap-buhay.

“Sige po, Ma. Magluluto na po muna ako ng ulam. Gusto ko pong maagang kumain para makapag-review agad.”

“O, sige. Huwag kang magpupuyat, ha. Hindi rin magandang aral ka nang aral at napapabayaang mo na ang sarili mo.”

“Mama talaga.” Nginitian niya ito at binigyan ng halik sa noo. Lumabas na siya ng kuwarto nito at pumunta sa kusina.

“O, nandito ka na pala, Alex.”

“Auntie Tasha, ano ba ’yang mga pinamili mo?” Inilagay nito ang mga supot na dala dala sa mesa.

“Manok. Magluluto ako paboritong adobong manok ni Evan.” Ngumiti siya rito. Napakamaalalahanin talaga nito. “Ako na lang po ang magluluto,” prisinta niya. Itinaboy niya ito para manood ng TV at sinabing tatawagin na lamang niya ito pag titikman na ang adobo para masigurong masarap iyon.

“Sige, tawagin mo na lang ako,” natatawang sabi nito. “D’un na lang ako manonood sa kuwarto ng mama mo para may kasama siya.”

Tumango siya rito at pabirong itinulak pa ito palabas ng kusina. Pinagtuunan na niya ang lutuin.

Nang makatapos ay tinawag niya ang tiyahin at pinatikman kung pasado ba iyon sa panlasa nito habang naghahain siya.

Nagtungo siya sa kuwarto ng ina at tinulungan si Auntie Tasha na isakay ang ina sa wheelchair kahit na sinabi nitong kaya nitong gawin iyon mag-isa. Saktong dumating na ang Kuya Evan niya at sabay-sabay na silang naghapunan.

Nang nasa sariling kuwarto na si Alexis at nag-aaral, bumalik sa alaala niya ang nangyari kanina. Itinabi na niya ang mga libro nang parang wala nang pumasok sa nire-review niya.

Colin...

Nahiga na siya at ipinikit ang mga mata, pero ang guwapong mukha pa rin nito ang nakikita niya. Tumagilid siya sa kama, pero kahit anong galaw niya ay di niya maalis ang mukha ng binata sa kanyang isip. Natandaan kaya nito ang mukha niya? Gusto niyang maka-graduate nang matiwasay! Mangyayari lang iyon kung hindi na magkukrus ang landas nila.

Naalis niya ang talukbong na kumot nang may kumatok sa pinto. “Lex?”

“Pasok, Kuya,” sabi niya, at bumangon na pero hindi bumaba sa kama. “Ano ’yun?” tanong niya nang sumungaw lang ito sa pintuan.

“Wala naman. Napansin ko lang na medyo tahimik ka sa dinner kanina,” sabi nito.

Napangiti siya. Hindi pa rin nagbabago ang kuya niya. Nararamdaman pa rin nito kapag may problema siya. It was one of the reasons why she loved him so.

“Lex?” untag nito nang hindi siya agad sumagot.

“Okay lang ako, Kuya. Malapit na kasi ang exams,” dahilan na lang niya.

“Sus. Kayang-kaya mo ’yun. Huwag kang masyadong magmadaling makatapos. Mami-miss mo ang mag-aral pag naka-graduate ka na, sige ka.”

Tumawa lang siya. Naisip niya, mami-miss din siguro niya na makita ang crush niya, pero mas mapapanatag siya kung magkakalayo sila. “Hindi rin, Kuya. Sige na, good night na.”

“Sleep tight,” sabi nito, at isinara na ang pinto niya.

2

“Lexi!” Napatigil siya sa paglalakad sa hallway at tumingin sa likuran, sa direksyon ng tumawag sa kanya.

Si Adrian. Blockmate niya ito noong first year at isa rin sa mga ka-close niya. Ilag ito sa mga babae maliban sa kanya. Siguro kasi iniisip ng binata na may utang na loob ito sa kanya. Magkasabay sila noong entrance exams at nanghiram ito sa kanya ng lapis. Hindi niya akalain na pareho sila ng kurso at naging magka-block pa. Hindi niya agad ito nakilala nang batiin siya nito noong first day of classes.

Naalangan siya rito dahil ito ang pinakaguwapo sa klase nila, at unang araw pa lang ay may mga naghahabol na rito. Alam niya dahil maraming lumapit sa kanya para itanong kung best friend o high school mate daw ba niya ang lalaki kaya close ito sa kanya. Hanggang ngayong mahigit dalawang taon na silang magkakilala ay hindi pa rin ito nagkakanobya na medyo ipinagtataka niya. Marami ang naghihinala na sila na dahil nga sa siya lang ang babaeng kinakausap nito.

Hindi sila nagsasalita pareho tungkol doon, pero

kaibigan lang talaga ang turing niya rito at alam niyang ganoon din ito sa kanya.

Magkaiba sila ng course ng best friend na si Kate kaya halos di sila nagkikita sa school. Itong si Adrian ang madalas kasama niya, at halos buong araw pa.

“Adrian, dalian mo’t baka ma-late tayo.”

He chuckled. “Galing na ako doon. Wala si Mr. Reyes kaya free tayo. Tara sa cafeteria?”

Tumango siya at tumakbo na palapit sa binata.

Pagpasok pa lang ng cafeteria ay ramdam na niyang may nakatingin sa kanya. Inilibot niya ang tingin sa buong lugar at tumapat ang puwesto niya sa isang lalaki. Si Colin. At kasama nito ang nobyang si cathy.

Agad siyang bumaling kay Adrian. “Ah, Adrian, ’wag na lang kaya. Hindi pa naman ako gutom.” Dapat nga nasa klase siya, di ba?

“Don’t worry, it’s my treat.” Hinila na siya nito sa isa sa mga upuan kaya hindi na siya nakaangal. Cupcake at pineapple juice lang ang ipinabili niya. Gusto niyang matapos agad para makaalis na sa lugar na iyon. Kailangan niyang umiwas kay Colin.

Sana naman hindi siya natatandaan nito.

Napatingin siya kay Adrian nang magsalita ito sa tabi niya. Nakabalik na pala. “Sabi ko pumunta ka mamaya sa gym. Balak ko kasing mag-try out, eh.”

“Ah, sige. Sasamahan kita kung gusto mo.”

“Talaga?” Hinawakan nito ang kamay niya at mabilis siyang napatingin sa paligid.

Baka kasi may kakilala silang nakatingin at kung ano na naman ang isipin. “Oo naman.”

Ngumiti ito sa kanya. Maraming kumukumbinsi ritong sumalis sa basketball team pero ngayon lang parang nagka-interes itong si Adrian.

“Salamat Lexi.”

“Ano ka ba! Okay lang iyon. Basta galingan mo, ha.” Pasimpleng hinila niya ang kamay mula rito. Magsasalita pa sana si Adrian nang tumunog ang cellphone niya. “Teka lang, ah.”

“Go on, take it.”

“Hello?”

“Lex! Sorry, di ako ulit makakasabay umuwi mamaya. Pasahan na kasi ng reports, eh,” ani Kate.

“Okay lang. May kasama naman ako mamaya.”

“Sino? Si Adrian ba?”

“Ah, oo...”

“Alam mo, pa-mysterious effect talaga ’yang kaibigan mong ’yan. Alexis, sinasabi ko sa—”

“Yan ka na naman. Sige, ibababa ko na ito. Mamaya na lang ulit. Bye!”

“Teka—”

Tinapos na niya ang tawag at tumingin kay Adrian. Minsan, kahit siya ay napapaisip na rin dito. Parang may itinatago kasi ito. Pero dahil hindi rin siya ang tipong mapag-usisa, maghihintay na lang siya kung sasabihin nito iyon sa kanya o hindi.

Alas cuatro na ng hapon nang matapos ang huling klase nila ni Adrian. Agad niya itong hinila patayo at palabas sa kanilang room.

“Bilisan mo! Gusto mo bang ma-late sa try out mo?” Bumitaw ito sa pagkakahawak niya at napakamot sa batok. “Eh, parang ayaw ko na. Huwag na lang kaya tayong tumuloy?”

“Ano bang sinasabi mo? Ngayon ka pa aatras?” Hinawakan niya ito sa magkabilang braso. “Adrian, alam mong nandito lang ako, di ba? Susuportahan kita.” Ngumiti siya nang malaki sa kaibigan.

Sobrang bilis ng pangyayari at namalayan niya na lang na yakap na siya ng binata. “Thank you, Lexi,” bulong nito.

“Ah, eh... Adrian, puwedeng pakibitawan mo na ako? Nasa gitna tayo ng hallway, eh.” Sa katunayan, pinatitinginan na sila ng mga tao na dumaraan.

Binitawan naman siya nito at hinawakan na lang nang mahigpit ang kanyang kamay. “Tara na?”

Ngumiti siya rito at tumango.

Maingay sa gym at nararamdaman niya ang tensyon ni Adrian na hindi mapakali habang nakatayo sa kanyang tabi. Halatang kinakabahan ito. Tinanguan lang siya nito at tumuloy na ito sa court.. Pumuwesto naman siya sa bleachers para i-cheer ang kaibigan.

“Si Adrian iyon, di ba?” bulong ng isang babae sa unahan niya.

“Oo nga, 'no? OMG! Sasali siya? Sure akong makukuha siya,” sagot ng katabi nito.

“Oo naman, 'no.” Tumili ang kausap nito. “Si Adrian na ang bago kong crush sa basketball team.”

Napangiti si Alexis sa mga naririnig. Hindi pa man

nakukuha ang kaibigan ay marami nang sumusuporta rito. Tumayo siya nang magsimula ang try outs at lumabas munapara bumili ng bottled mineral water para may mainom si Adrian.

Nang tapos na si Adrian at nilapitan niya ito para abutan ng tubig.

“Salamat, Alexis.”

Nginitian niya ito.” “Ang galing mo kanina. Congrats.”

Tumawa ito. “Congrats agad? Hindi pa tapos ang screening, at next week pa malalaman kung sino-sino ang mga nakuha.”

“Basta, makukuha ka. Sige balik na ako d’un.” Tumalikod na siya rito at habang papunta sa puwesto niya ay naramdaman niya ang mga matang nakasunod sa kanya.

Bakit nga ba hindi niya naisip na mangyayari iyon? Dapat ba hinayaan na lang niyang mauhaw si Adrian?? Lumingon siya at bahagyang napasinghap nang magtama ang mga mata nila ni Colin.

Agad siyang nag-iwas ng tingin at bumalik sa upuan.

Maggagabi na nang matapos ang laro at papalabas

na sila ng gate ni Adrian nang bigla siyang mapatigil.

“Teka lang, may nakalimutan pala ako sa gym.”

“Tara, samahan na kita,” alok ng binata. “Ano ba iyon?”

“Hindi na. Hintayin mo na lang ako dito. Saglit lang naman ako.” Iniwang na lamang niya ang ibang gamit dito.

“Huwag ka magmadali, baka madapa ka.”

Pero tumakbo pa rin siya pabalik sa gym. Naiwang niya ang libro sa Marketing Management na hiniram pa niya sa library. Hindi iyon puwedeng mawala!

Dumerecho sa bleachers at nakahinga nang maluwag nang makita ang makapal at lumang libro. Niyakap niya iyon at palabas na sana nang may yumakap sa kanya mula sa likuran.

“Kanina pa kita hinihintay. Bakit ang tagal mo?” Nalunok niya ang dila nang mabosesan si Colin. Ito ang nakayakap sa kanya!

Para siyang mawawalan ng ulirat at lalong di niya magawang ibuka ang bibig.

“Cathy, may gusto akong sabihin...” Tumigil ang pagtibok ng puso niya. Napagkamalan siya ni Colin

bilang nobya nito!

Bago pa siya nakatanggi ay kinabig na nito ang ulo niya at naramdaman na lamang niya ang tila pagtigil ng lahat sa paligid. He was kissing her. His kiss was sweet and hot it made her head spin. Ito ang unang halik niya. Ilang segundo pa ang lumipas bago siya nakabawi.

At dahil iyon sa isang galit na tinig. “What the hell is going on here?” Nabitawan siya ni Colin at napatingin ito sa babae sa ibaba ng bleachers.

“Cathy!” Nilampasan siya nito sa pagkakatayo niya sa gilid para puntahan ang nobya na wala pang isang dipa ang layo sa kanila. “Listen, I don’t know this girl and there’s nothing going on.”

“Oh, shut up Colin! I saw it with my own eyes!”

“No, babe, you don’t understand.” Lumapit ito sa nobya, halata ang desperasyon sa boses nang magsalita.

“Don’t you dare come near me. I understand it all. You cheated on me! How could you, Colin?” Napayuko siya sa narinig na pagkabasag ng boses ni Cathy. Halatang umiiyak ito.

Narinig niyang napamura ang lalaki. “I don’t

even know her! And do you think I will cheat on you with some stupid girl? That's absurd!" Naramdaman niya ang pamilyar na kirot sa kanyang dibdib sa tuwing nakakasama niya ang binata.

Ganoon pala ang tingin nito sa kanya.

"Colin, just stop explaining. It's over. We're over!" At pagkatapos niyon ay umiiyak na umalis ang dalaga.

Hinarap siya ng lalaki. "You did this!"

She winced at the dark edge to his voice. Bago pa siya makasagot na ito ang nanghalik sa kanya at siya ang agrabyado, umalis na rin ito at hinabol ang nobya. Hindi niya mapigilan ang panginginig ng mga kamay. Nanlalambot din ang mga tuhod niya.

Wala siyang ginawang masama. Kung mayroong mas may kasalanan, si Colin iyon. Hindi niya ituturing na biktima ang sarili. Hindi siya papayag na magmukhang kaawa-awa sa harap ng kahit na sino.

Alam niyang siya ang sinisisi ni Colin.

Napabuntong-hininga siya. Mukhang malayo ito sa tahimik na college life na hinihiling niya.

At bakit sobrang sakit ng puso niya?

Noon lang lumuwag ang kapit niya sa librong

yakap pa rin. Saka niya naalala si Adrian. Tumakbo na siya pabalik sa kaibigan.

“Bakit ang tagal mo? Susundan na sana kita kaso ayokong magkasalisi tayo.”

“Ah, hinanap ko pa kasi ito, eh.” Itinaas niya ang librong hawak at kinuha na rito ang bag niya. Pinilit niya ring ngumiti rito. Ayaw niyang mahalata nito na malungkot siya.

“Buti nakita mo pa. Tara, ihahatid na kita.”

“Sige.”

Nang gabing iyon, nagdahilan si Alexis na masama ang pakiramdam at hindi sumabay sa hapunan. Pagkatapos pakainin ang ina ay dumerecho na siya sa sariling silid. Sinabi niya sa Auntie Tasha niya na bababa na lamang siya kapag nagutom.

Naalala niya ang sinabi ni Colin. She felt stupid.

Ibinaon niya ang mukha sa unan at pinadaloy ang mga luhang kanina pa pinipigil.

3

Halata sa mukha ni Kate na sobrang saya nito. Buti pa ito. Siya ay halos walang tulog kagabi. Pinigilan niya ang umiyak nang matagal dahil ayaw niyang mamugto ang mga mata.

Sinikap niyang huwag mahalata ng kaibigan ang pananamlay niya. Pinilit niyang ngumiti dito. “Ang saya natin, ah.”

Ngumiti ito nang malaki sa kanya at hinila siya sa isang bench sa sulok. “Lex! Niyaya ako ni Robert na lumabas sa Saturday!”

“Talaga? Congrats, Kate!” Totoong masaya siya para rito. Alam naman niyang mapapansin talaga ito ni Robert. Saka na lang niya sasabihin ang problema niya. Ayaw niyang sirain ang kasiyahan nito.

“Salamat, Lex ha. Wish me luck. Itatawag ko sa ’yo mamaya ’yung ibang details. Alis muna ako, malapit na first class ko, eh. Later!” Tumayo na rin siya at pumunta sa klase niya.

“Totoo bang hiwalay na sina Colin at Cathy?” Napatigil siya sa paglalakad sa narinig.

“Oo, gurl. Sayang nga sila, eh.”

“Ano ka ba? Okay nga iyon, eh. Free na ulit si Papa Colin!”

“Sabagay.” Bumungisngis ang kausap nito. “Pero bakit kaya sila nag-break?”

“I don’t know and I don’t care. Speaking of the hot devil, here’s Papa Colin o.”

Bumilis ang tibok ng puso ni Alexis. Pinilit niyang ihakbang ang namimigat na mga paa. Sana hindi pa siya nakita nito.

Pababa na siya ng hagdan nang may humawak sa braso niya at hinila siya sa kung saan.

“Where do you think you’re going?”

Ang matalim na titig ni Colin ang nasilayan niya. “Ah, sa susunod na klase ko.”

“Just who the hell are you?”

“A-Alexis Valdez.”

“Alexis.” Tinitigan siya nito sa mga mata. “And what is your problem with me?”

“Wala. ’Yung nangyari kahapon—”

“What about it? Malinaw na malinaw ang lahat.

Balak mong paghiwalayin kami ni Cathy,” akusa nito.

“Nagkakamali ka. Bumalik ako sa gym para kunin ’yung naiwan kong libro. Isa pa, ikaw ang lumapit! Ikaw ang nanghalik—”

“Stop lying already. I remember calling my girlfriend’s name. Surely you realized that I mistook you for her, but you didn’t react at all.” Puno ng pagdududa ang tinig nito na lalong nagpasama sa loob niya.

“Because you suddenly k-kissed me!” Nagbaba siya ng tingin niya, ramdam ang pamumula ng mga pisngi. Kahit anong pilit niya, hindi niya makalimutan ang halik nito.

“Because I thought you’re Cathy, damn it! I wouldn’t dream of kissing you.”

That did it. Tama na. Masyado na siya nitong sinasaktan. “Okay, ganito na lang. Kakausapin ko si Cathy. Sasabihin ko sa kanya ang totoong nangyari. Okay na ba?” She said it with all the coldness she could muster. Bahagya itong natigilan sa inakto niya pero tumango rin sa huli. “Gagawa ako ng paraan para ipaalam sa ’yo ang mga napag-usapan namin.” Kung puwede ay iyong paraan na hindi na nila kailangang magkita at magkausap pa. “This is your

mess, so consider yourself lucky that I'm helping you fix it. Sana huwag mo na 'kong abalahin pagkatapos nito." Tinabig niya ang hawak nito sa kanya at umalis na.

She would fix his damned relationship even if it killed her.

"Nand'yan ba si Cathy?" Hinanap niya agad ang babae pagkatapos ng klase niya.

Tinignan siya mula ulo hanggang paa ng isang kaklase ng dalaga. Tinaaasan pa siya nito ng kilay. Lumingon ito at nahagip sila ng tingin ng taong hinahanap niya.

Tumayo ito at lumapit sa kanya. Hinila siya ng babae sa labas, sa isang bakanteng bench at lumingon sa paligid para siguruhin na walang ibang taong makakarinig sa kanila bago ito nagsalita.

"Ang kapal naman ng mukha mong pumunta dito," sita nito, parang makamandag na ahas.

"Pumunta ako dito para magpaliwanag. Hindi totoo iyong inaakala mo. Hindi ka niloloko ni Colin"

Tumawa ito nang pagak. "Of course I know. Hindi ako tanga, alam kong hindi ako niloloko ni Colin."

Napatulala siya rito. Kung ganoon, bakit umarte ito kahapon na parang pinagtaksilan ng buong mundo?

“One look at you and I know na hindi ako ipagpapalit ni Colin sa isang katulad mo. I just broke up with him for him to realize his loss.”

Nauubos na ang pasensya niya. “Alam mo bang ako ang sinisisi niya? Sana sinabi mo na lang sa kanya na gusto mong mas pahalagahan ka niya kesa ginamit mo pa akong sangkalan para lang turuan siya ng leksyon.”

“Bagay lang ’yun sa ’yo. Ambisyosa ka kasi.” Umismid pa ito. “Talagang nakipaghalikan ka pa sa kanya!”

“Siya ang nagkamali—”

“Manahimik ka. Sa ngayon, wala pang nakakaalam na ikaw ang dahilan ng paghihiwalay namin. My pride can’t take it kung mababalitang katulad mo lang ang dahilan ng break up namin. So if you still value your college life, shut your mouth!”

Nakatalikod na ito nang tawagin niya ulit. “Nagsisisi na siya. Makipagbalikan ka na sa kanya.”

Ngumiti ito nang mapait. “You’re wrong. He

doesn't care about me. Kung totoo ang sinasabi mo, siya dapat ang nakikipag-ayos sa akin at hindi niya ipinagagawa sa ibang tao ang trabaho niya."

"Even if a hundred years' time separates us it still feels like your heart is within inches."

Pinunasan ni Alexis ang luhang tumulo sa pisngi niya. Nandito siya ngayon sa school pavilion at nanonood ng isang Japanese movie sa kanyang netbook na binili para sa kanya ng Kuya Evan niya. Mahilig siya sa Japanese and Korean movies. Ang pinapanood niya ay tungkol sa dalawang taong nag-iibigan na nagmula sa magkaibang henerasyon. Nakakalungkot ang istorya at sobrang nahulog siya sa panonood na hindi niya namalayan na alas cinco na pala ng hapon. Kailangan na niyang umuwi.

Tatayo na sana siya pero nang mapatingin sa isang sulok ng pavilion ay napaupo uli. Nandoon si Colin, nakamasid sa kanya.

"Uuwi ka na? Tapos na ba ang pinapanood mo?" tanong nito.

Nag-init ang kanyang mukha. Malamang nakita nito ang pag-iyak niya. Nakakahiya!

“Kanina ka pa d’yan?” Tumayo ito at lumakad palapit sa kanya.

“Kanina pa, but I didn’t have the heart to disturb you. You seemed so captivated by the movie. By the way, what’s so sad about it?” Was that amusement in his voice?

“W-wala ka na doon.”

“Hindi mo ba itatanong kung bakit ako nandito?”

Napabuntong-hininga siya. Ano ang sasabihin niya? Na nagpapahabol lang ang nobya nito? Tumingin siya nang derecho sa mga mata nito.

“I have a plan.” Kumunot ang noo nito.

“What plan?”

Napatulala si Colin sa mukha ng kaharap. Oo nga at medyo nabigla siya sa suhestyon nito, pero mas hindi niya inaasahan ang pakiramdam na parang may sumipa sa dibdib niya nang ngumiti ito.

She looked so lovely.

Alexis... Natatandaan niyang iyon ang pangalan nito.

Shit! Ano ba itong iniisip niya? Hindi pa nga tapos ang problema niya sa nobya ay isang problema na naman ang inuumpisahan niya. Ang dapat niyang isipin ay may atraso ang babaeng ito sa kanya. Kung di dahil dito, sila pa sana ni Cathy ngayon at wala siyang sakit ng ulo.

And it was just a simple smile! Parang ni hindi nga ito aware na ngumiti ito.

“Ano? Payag ka ba?” untag nito.

Ipinilig niya ang ulo. “I’m not crazy enough to agree with your stupid plan.” Nagsalubong ang mga kilay ng dalaga at lihim niyang minura niya ang sarili.

He could remember the first time he saw her. Nandoon ito noong isang game practice nila, pero hindi ito makikitaan ng interes sa panonood. Nakatutok ang mga mata nito lagi sa cellphone kung di man sa libro, parang may hinihintay.

He’s been intrigued with her ever since. Nagkunwari siyang hindi ito kilala, pero ang totoo ay matagal na niyang alam ang pangalan nito. Lagi niyang nararamdaman kapag nasa malapit lang ito. It was like there’s a connection between them.

“The next time you call me stupid, bibigyan kita ng black eye,” banta nito.

“Hey, I never called you stupid,” kaila niya.

Umikot ang mga mata nito. “Basta! I will be the one to fix your relationship. Gawin mo lang lahat ng sasabihin ko and you will get her back.”

“At bakit kita papaniwalaan?”

“Dahil gusto mong magkabalikan kayo ni Cathy. So ano, payag ka na? Well, it’s not like problema ko ’to. Take it or leave it. Bahala ka nang dumiskarte kung ayaw mo sa suggestion ko.”

“What did you call your plan again?”

Itinaas nito ang baba. “Operation Relationship Mender,” she said.

“Fine.”

Parang nagulat ito. “Huh?”

“Payag na ako sa plano mo,” klaro niya.

“Okay. We’ll start ASAP.” Hindi maintindihan ni Alexis ang nararamdaman. Parang disappointed siya na hindi. Pumayag si Colin sa plano niya, ni hindi niya ito kailangang kumbinsihing maigi. Sigurado siyang mali si Cathy ng iniisip. Nakikita niyang mahal talaga ito ni Colin.

Kung hindi ba naman, magtatiyaga ba ang

lalaking ito na makasama siya at pumayag sa may pagka-walang kuwentang plano niya? Hindi man lang nito naisip kung ano ba ang alam niya sa pakikipagrelasyon gayong ni hindi pa nga siya nagkaka-boyfriend.

Sabagay, nakakatanga nga raw ang pag-ibig.

“Halika na.” Nagulat siya nang hawakan ni Colin ang kamay niya.

“Saan?” Binawi niya ang kamay rito at nagkunwaring inayos ulit ang gamit. Tumayo na siya.

“Gabi na, ihahatid na kita sa inyo.”

“Hindi na,” tanggi niya. “Sanay akong mag-commute.”

“Hindi ko rin naman dala ang kotse ko kaya magko-commute din ako.”

Magkasabay silang lumabas ng gate at nag-abang ng jeep sa sakayan.

“Saan ka nakatira?”

“Sa may Cogeo, sa Brgy. Cacalog.” Mabilis naman silang nakasakay. Hindi na niya tinanong ang binata kung pareho ba sila ng uuwian. Inisip na lang niyang iisa ang way nila kaya ang ‘pagsabay’ ang ibig nitong

sabihin sa ‘paghahatid.’

Siguro napansin nito ang pagtataka sa mga mata niya kaya sumagot ito kahit hindi siya nagtatanong. “Nasa talyer ang kotse ko, at marunong akong mag-commute. Tao rin naman ako, alam mo iyon?”

Umirap na lamang siya.

He chuckled. “Masyadong halata sa mukha mo ang mga iniisip mo, eh.”

Natapos ang isang lingo na hindi nakikita ni Alexis si Colin. Mabuti na rin iyon. Midterms din kasi nila. Dahil malayo sa problema, nakapag-aral siya nang mabuti. Baka nga nagbago na ang isip ng binata tungkol sa suggestion niya. Posible rin na nagkabalikan na ang dalawa ni Cathy at hindi pa lang nasasagap ng mga tsismosa sa school.

“Kamusta ang midterms?”

“Ay palaka!”

“Mukha ba akong palaka? Kailangan mo na ’atang magsalamin.”

“Huwag ka kasing sumusulpot kung saan-saan.”

“Bakit, ayaw mong may makakita sa atin?”

Napansin siguro nito ang pagsipat niya sa paligid kung may nakatingin sa kanila.

“Baka guluhin ako ng mga fans mo. I’d hate the attention.”

Umarko ang isang kilay nito. “So you don’t want to be noticed. Bakit?”

Bakit ba ang dami mong tanong. “It makes me uncomfortable.”

“I can’t believe I found myself a wallflower.”

“Don’t call me that. I’m no wallflower.”

“Yes, you are,” he said.

Bigla siyang nailang sa pagtitig nito kaya umiling na lamang siyang at naupo sa isang malapit na bench. “Oo na, sige na. Maupo ka dito. I’ll tell you about the plan.”

Pumuwesto ito sa tabi niya. “What about it?”

Kinuha niya mula sa bag ang notebook na sinulatan ng mga bagay-bagay na dapat gawin ni Colin para kay Cathy.

“Alam mo, Colin, every girl loves attention—”

“Kahit ikaw?”

Sumatsat siya. Ano ang gusto nitong sabihin niya. *Oh, yes! Yes, I also want some attention, especially YOUR attention.*

“Except me,” sabi niya. “I’m fine being invisible. Now, let’s concentrate on you and your problem. Kailangan mong bumawi kay Cathy.”

“Are you suggesting na humabol-habol ako sa kanya?”

“Well, gusto mo siyang bumalik sayo, di ba?”

“Wala na bang iba? I don’t think my pride can take that.”

Tss. Men and their ego. “Hindi mo ikakamatay ang pagbibigay ng flowers at chocolate. Ulitin mo ang panliligaw, to remind her of your good beginnings.”

Tumawa ito.

“Ano’ng nakakatawa?” tanong ni Alexis.

“Hindi ko kasi maalalang nanligaw ako,” sagot nito. Hindi na lang siya nagkomento. “In any case, nasubukan ko na ’yan nito lang. Walang epekto.”

Napaisip si Alexis doon. Sabagay, si Cathy nga siguro iyong babae na sanay nang nakakatanggap ng flowers at chocolates kahit may boyfriend na ito.

Bakit ba hindi niya agad naisip na sawa na ang dalaga sa ganoon?

“Alam mo, ikaw talaga ang may diperensya, eh. You need to develop some gentlemanly behavior.”

He smirked. Bigla yata siyang kinabahan sa ngiting iyon.

“So *our* kiss in the gym won’t qualify as gentlemanly?”

“Definitely not! At saka paano mo nagagawang biro iyon? Nakalimutan mo na bang iyon ang dahilan kung bakit tayo nasa sitwasyong ito?”

“Nakalimutan?” Tumingin ito sa mga labi niya. “No. I will never forget it.”

Naramdaman ni Alexis ang pamumula ng mga pisngi niya. Iniba na lang niya ang usapan. “Mukhang hindi ka na galit sa ’kin.”

“You thought I was angry with you?”

“Yes, you were. You said I ruined your relationship with your girlfriend.”

He sighed. “Tama ka. Galit nga siguro ako sa ’yo noong una. Inisip kong dahil sa ’yo nawala iyong perfect girlfriend ko at kulang na ang perfect life ko

dito sa college.” Ngumiti ito nang bahagya. “I have cool friends, a dashing car and a hot girlfriend. Noong nag-break kami feeling ko hindi na perfect lahat dahil may nabawas sa collection ko. I’m a jerk, right?”

Hindi siya makasagot. Totoo kaya iyong sinabi ni Cathy na walang pakialam si Colin sa kahit sino maliban sa sarili nito?

“But afterwards I realized I’m not mad at you at all. Naghahanap lang ako ng mabubuntunan ng sisi kaya sa iyo ko inilabas ang galit ko. Should I ask for your forgiveness?”

Bumuntong-hininga siya. “Huwag na. Hindi ko kailangan ang sorry ng isang tao kung hindi naman siya sincere. Hindi rin ikababawas ng pagkatao ko ’yun.”

Gusto niya pa ring maniwala na sa kabila ng mga kaarogantehang ipinapakita ni Colin ay may mabuting kalooban pa rin ito.

“Pag dumating iyong panahon na gusto mong humingi ng sorry sa ’kin, isipin mo na lang na napatawad na kita.”

Parang naguguluhan itong tumingin sa kanya. “Why?”

“Because life’s too short to bear grudges.” Ngumiti siya rito. “Besides, hindi ako mag-o-offer na tulungan ka kung masama pa ang loob ko.” Iyon lang at nagpaalam na siya rito. Hindi naman talaga kailangan ni Colin ang tulong niya para mapaamo si Cathy.

May ilang minuto nang nakaalis si Alexis pero naroon pa rin si Colin sa bench. Hindi niya alam kung paano niya nagagawang aminin at ilahad dito ang mga bagay na itinatago niya.

How could she have forgiven him that easily? Siya nga ay hindi pa rin napapatawad ang sarili sa malulupit na salitang binitiwang niya rito noon.

And that kiss they shared... God, it haunted his dreams every night. Una pa lang alam na niyang hindi si Cathy ang yakap at hinahalikan niya, pero hindi niya magawang tumigil. He didn’t want to stop.

And then there was Cathy. At hysterical ito. Sa halip na magpakalalaki at mag-sorry sa dalagang hinalikan niya, ipinaako niya rito ang kasalanan. He was such a coward. Sarili lang niya ang inisip niya nang mga sandaling iyon.

And now he hated himself whenever he

remembered it. He even approached her and continued accusing her. Hindi niya alam kung nagpapapansin ba siya rito. Ang gusto niya ay magalit ito, sumbatan siya. Hindi niya naisip na tutulungan pa siya nito at patatawarin.

Gusto niyang kamuhian siya ni Alexis. He's not the right man for her. She deserved someone better. Ano ba itong naiisip niya? Wala siyang balak ligawan ito! He should just stop being friendly with her. Baka mapahamak lang ito sa kanya. At sinabi rin nito kanina na ayaw nito ng gulo. Isang linggo niyang tinikis na hindi ito makita at makausap. He really ought to stay away from her. The question was: could he afford to?